

FOREIGNERS' EARTHQUAKE INFORMATION CENTER

Newsletter No. 4. 1995 / 3 / 25
3rd Floor Tokiwa Central Building
1-4-12 Tokiwa-cho, Chuo-ku, Osaka
TEL: 06-941-4793 FAX: 06-941-5875

Ano ang Foreigners' Earthquake Information Center?

Ang Foreigners' Earthquake Information Center ay itinatag pagkatapos ng lindol sa timog ng Hyogo upang magbigay ng impormasyon at pang-konsultasyong serbisyo sa mga dayuhang napinsala ng lindol, sa kani-kanilang sariling wika. Nagtatag ng hotline sa Ingles, Intsik, Kastila, Filipino, Thai at iba pang wika sa center na ito, at tuma-tanggap dito ng konsultasyon nang walang pakialam sa inyong visa o residence status.

TELEPONO: 06-941-4793
(Filipino tuwing Lunes at Miyerkules)

Wala ba kayong problema? Kung meron, tumawag lang kayo sa center.

Ipaalam po ninyo sa amin ang inyong mga ideya ukol sa
pagpapanibagong-ayos ng mga lugar na napinsala ng lindol

Dalawang buwan na ang nakalilipas mula ng lindol. Nagsimula nang magsialisan ang ilang NGO at citizens' groups na nagsagawa ng kilusing pang-suporta sa panahon ng "emergency". Sa loob ng maraming pagbabago, ang ilang citizens' groups ay nagsisimula ng iba't-ibang kilusin patungo sa panibagong *machizukuri* - muling pagbuo at pagsa-ayos ng komunidad. Nagtatatag na rin ng network ang mga grupong ito.

Bilang residenteng dayuhan, baka may ideya kayo ukol dito.

Ipaalam ninyo sa amin dito sa center ang inyong positibong opinyon. Para sa gagawing *machizukuri*, sa tingin namin ay dapat maipahiwatig ang opinyon ng mga residenteng dayuhan at nais sana namin dito sa center na ipagsama-sama ang inyong mga ideya at masigasig itong imungkahi sa mga kinauukulan.

Ukol sa mga itinayong pansamantalang telepono

Kailan lamang, kumaunti na ang bilang ng mga pansamantalang telepono at dumarami ang mga tanong ukol dito sa center. Bukod dito ukol naman sa paggamit ng mga teleponong ito, nakaririnig din kami ng mga daing tulad ng: "Pinagalitan ako, huwag ko raw gamitin (ang telepono)." "Sinabihan akong huwag tumawag nang overseas." Ang mga itinayong pansamantalang telepono ay para sa lahat ng taong dahil sa

lindol ay hindi makagamit ng telepono. Maaaring tumawag nang overseas. Pero, 'yung mga taong nagagamit naman ang telepono sa sarili nilang tirahan at/o mga taong hindi namumrublema sa salapi, gamitin po sana natin ang mga pampublikong teleponong maaaring pagtawagan nang overseas (kulay abo o berde na may gintong plaka).

Ang kahalagahan ng primerong "relief money" ng Japan Red Cross

Sa mga maaaring pagkalooban ng primerong "relief money" ng Japan Red Cross, natanggap na ba ninyo ang inyong pera? Sa lungsod ng Kobe, ang binibigyan lang ng sympathy money (*mimai-kin*) ng lungsod at support money (*engo-kin*) ng rehiyon ng Hyogo ay ang mga nakatanggap na ng nasabing primerong relief money mula sa Red Cross. Kaya para sa mga nais magpatuloy sa pagtanggap ng monetary compensation mula sa pamahalaan at/o municipality, mag-apply muna kayo para sa primerong relief money sa Japan Red Cross.

Ang paraan ng pag-apply para sa primerong "relief money"

1. Sa mga naka-rehistro sa rehistrasyon ng mga dayuhan

Magdala ng anumang katibayan na magpapatunay ng inyong katauhan sa city hall o ward office na namamahala sa lugar na inyong tinitirahan.

2. Sa mga hindi naka-rehistro sa rehistrasyon ng mga dayuhan

Iba-iba ang palakad dito. Ang Hyogo branch ng Japan Red Cross ang naging tanggapan mula noong primero ng Marso. Mag-apply lang po kayo sa sumusunod na lugar na dala ang mga kinakailangang papeles:

tanggapan - Japan Red Cross Hyogo branch Tel: 078-362-4564
651 5-7-11 Shimoyamate-doori, Chuo-ku, Kobe-shi
Hyogo Prefecture Boshi Kaikan 2F
bumaba sa JR Motomachi station, pahilaga 10 minuto,
sa tabi ng Red Cross Hospital

oras ng tanggapan - Lunes hanggang Biyernes 9:30-16:30

mga kinakailangang papeles - (1) ang katibayan ng pagkapinsala (*risaishoumeisho*) na ibinibigay ng ward office, (2) patunay ng inyong katauhan (pasaporte, ID, atbp.), (3) anumang bagay na makakapagpatunay na kayo'y nakatira sa lugar na napinsala ng lindol (Hal. koreo gaya ng sulat o postcard at/o kontrata ng pag-upa)

* Sa mga hindi naka-rehistro sa rehistrasyon ng mga dayuhan, kailangang-kailangan ang katibayan ng pagkapinsala.

* Para makakuha ng katibayan ng pagkapinsala (*risaishoumeisho*), kailangan ang (2) at (3).

* Kung merong letter o power of attorney, puwede ring kinatawan o proxy ang mag-apply.

Sa wikang Hapon ang tanggapan sa nabanggit na lugar kaya para sa mga hindi tiyak kung maipapalakad nila ang kanilang papeles sa wikang Hapon, makipag-ugnayan po sa amin dito sa center. Magpapadala kami ng interpreter. At ang Hyogo Association for International Exchange (Hyogo Kokusai Kouryu Kyokai) ay tumutulong din sa translation sa pamamagitan ng telepono (Ingles, Intsik, Kastila, Portuges). Posible ring mag-translate sila para sa inyo sa mga nasabing tanggapan (TEL: 078-382-2052). Libreng translation ito.

Halimbawa ng nakakuha ng relief money kahit hindi naka-rehistro sa rehistrasyon ng dayuhan (pero application by proxy)

Unang kaso: Si A na taga-Peru at nakatira sa Higashinada-ku, Kobe Nawasak ang buong bahay. Dahil nawala niya ang kanyang pasaporte, nagpagawa siya ng ID sa kanyang embahada, at ihinarap ito kasama ng katibayan ng pagkapinsala sa Japan Red Cross. Nakakuha siya ng relief money na nagkakahalagang ¥100,000.

Ikalawang kaso: Si B na taga-Peru at nakatira sa Nagata-ku, Kobe Nawasak ang buong bahay. Dala ang bigay ng ward office na katibayan ng pagkapinsala, pasaporte at natanggap niyang koreo bago lumindol, napatunayan niya ang kanyang katauhan at tirahan, at nakakuha siya ng ¥100,000 na relief money.

Katulad ng nakasulat sa itaas na mga kaso, kahit na hindi nakarehistro sa rehistrasyon ng mga dayuhan basta't may patibay kayo at mapapatunayan ang inyong katauhan at tirahan, makukuha ninyo ang relief money mula sa Japan Red Cross.

Ukol sa sekondaryong "relief money" mula sa Japan Red Cross

Ipinasya ng Japan Red Cross (JRC) na magbigay ng sekondaryong "relief money." Kaya lang, ang application, oras ng tanggapan, ang paraan ng paglakad ng papeles ay hindi pa natitiyak. Mag-abang na lang po tayo ng balita mula sa JRC.

Paggawad ng sekondaryong "relief money" ng JRC

para sa mga taong nagtamo ng malubhang pinsala (injury)

nang isang buwan o mahigit ¥50,000

tulong para sa livelihood protection (*seikatsu hogo*), sa mga may edad na nakatira nang mag-isa (*dokkyo roujin*), sa mga may kapan-sanan, sa mga single mother o tahanang walang ama (*boshi katei*), at iba pang tahanang nangangailangan ng tulong o suporta, mga tirahang nawasak nang buo o bahagi (*zen/han kai*) ¥300,000

para sa namatayan ng magulang o tagapag-alaga (*hogosha*), mula sanggol hanggang estudyante sa high school ¥1,000,000

para sa mga muling magpatatayo ng kanilang tirahan ¥300,000

para sa mga magpapaayos ng kanilang tirahan ¥300,000

para sa mga lilipat sa tirahang paupahan ¥300,000

Nakahanap na ba kayo ng trabaho?

Sa Kansai Tsuyakusha may mga tumutulong sa mga dayuhang napinsala ng lindol sa paghanap ng trabaho. Ang trabaho ay "physical labor." Ang lugar ay sa loob ng rehiyon ng Nara at/o Osaka. Bukod rito, tumatanggap din sila ng konsultasyon ukol sa pakikitira o "homestay" sa Nara at paglipat (*hikkoshi*). TEL: 0742-48-0181 Ang oras ng tanggapan ay 9:00-17:00 araw-araw at ang mga wika ay Ingles, Hapon, Pranses at Kastila. Ang namamahala rito ay si Miss Nakagawa.

Ang pagbabalik ng binayaran ninyong buwis

Sa mga lubhang napinsala ang tirahan o kaya'y mga kagamitang pambahay dahil sa lindol, kung magbigay kayo ng "statement" sa "tax office", ang binayaran ninyong "income tax" para sa taong 1994 ay maaaring maibalik sa inyo.

Si Juan dela Cruz ay isang Pilipinong nakatira noon sa Hyogo-ku, Kobe-shi. Dahil sa lindol ang inuupahan niyang apartment ay nawasak nang bahagya (*hankai*), at higit sa kalahati ng kanyang mga kagamitang pambahay gaya ng TV at kabinet ay nasira. Ang suweldo ni Juan tuwing buwan ay ¥200,000 at mula rito bawat buwan ay nagbayad siya ng ¥20,000 bilang buwis. Wala na siyang ibang kinikita.

Sa kasong ito ni Juan dela Cruz, ang buwis niya para sa taong 1994 ay ¥20,000 x 12 buwan = ¥240,000. Dahil ang halagang ito ay mas maliit sa ¥5,000,000 at ang halaga ng pinsalang inabot niya ay higit sa kalahati ng kanyang ari-arian, ang binayaran niya bilang buwis ay babalik sa kanya nang buo (ang buong halagang ¥240,000).

Ang kinakailangan para sa "statement" ay anumang patunay ng pagkabayad ng buwis tulad ng "certificate of tax deducted (at source)" o *gensen choushuhyo* na ibinibigay ng lugar na pinagtatrabahuhan o kaya'y ang *kyuyo meisai* - parang resibo o detalyadong listahan ng suweldo - para sa isang taon. Kung meron kayong papeles na magpapatunay na kayo'y napinsala ng lindol (Hal. *risaishoumeisho*), dalhin na rin po ninyo ito. Ang tanggapan ay ang pinakamalapit na "tax office" sa inyong lugar.

Makakautang kayo nang walang interes

Ang Support 21 Social Welfare Foundation (*shakai fukushi hou-jin sapouto 21*) ay nagpapautang nang walang interes at walang kolateral o "security", ang pinakamataas na halaga ay ¥400,000, sa mga dayuhang napinsala ng lindol. Para mag-apply, kailangan ng (1) application form* (2) "recommendation" ng Japanese citizen (walang obligasyon ang nag-recommend na tumayong guarantor) (3) kopya ng inyong alien registration card at (4) *risaishoumeisho*. (Kung hindi kumpleto ang mga ito, makipag-ugnayan na lang sa Support 21.) Pagka-tapos ng application, may interview at saka kayo makakautang. Para sa mga tanong: Support 21 Social Welfare Foundation [Sunny chan kikin] Project Executive Committee (*jikkou iinkai*) TEL 0120-55-5560 (free dial).

* Ang application form ay makukuha sa mga sumusunod na lugar:

Foreigners' Earthquake Information Center (06-941-4793), Kansai Council of International Exchange Organizations [*Kansai kokusai kouryu dantai kyougikai*] (06-7733-0256), Nishinomiya City International Exchange Association [*Nishinomiya-shi kokusai kouryu kyokai*] (0798-35-3459), Nishinomiya YMCA (0798-35-5987), Hyogo Prefecture International Exchange Society Foundation [*Hyougoken kokusai kouryu kyokai*] (078-382-2051), Kobe City Nagata-ku Takatori Catholic Church (078-731-8300), Kobe Student Youth Center [*Kobe gakusei seinen senta*] (078-851-2760) at sa Kobe YMCA (078-241-7201).

BALITA MULA SA KDD

* Iparinig ninyo ang inyong boses sa inyong
pamilya at mga kaibigan sa ibang bayan

Para sa tawag sa ibang bansa mula sa Japan sa 001 kayo makakatipid. Kapag lagpas ng 7:00 ng gabi, 20% ang bawas, at kung lagpas ng 11:00 ng gabi naman, 40% ang bawas sa inyong mga tawag. Tuwing Sabado, Linggo at araw ng pista o "holiday", kahit sa hapon ay 20% ang bawas at higit kayong makatitipid.